# Philippine Biblical Worldview Institute

## Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised May 20, 2022

### ST306. SOTERIOLOGY: 6. Regeneration

**Regeneration - Ang Espiritual na Kapanganakan**

Ang ating pangatlong aralin ay may sampung sub-parts. Election, predestination, fall, redemption, atonement, regeneration, call, justification, sanctification and glorification. Ang ordo salutis o order of salvation deals with the steps or stages in the salvation of a believer and the causal connections among them. Alam natin na God is eternal kaya alam Niya ang lahat ng bagay instantaneously at ito'y isinasagawa Niya sa ating space-time continuum. Tayo ay nasa Kanyang universe so we exist in time.

When we speak of salvation, hindi lang naman yun pag sinabi nating saved. Salvation starts with election and then ends with glorification. There are ten parts to it but any part can be referred to as salvation.

Ang tamang pag-unawa sa ano mang doctrina na may kinalalaman sa kaligtasan ng tao ay nararapat na magsimula sa paghihirang ng Diyos sa Kanyang mga magiging anak at magwawakas sa kanilang glorification. Sa Romans 9:10-13, niliwanag ng Diyos kung paano Siya naghihirang - - bago pa man mayroong ginawang mabuti o masama ang kambal sa sinapupunan ni Rebekah, minahal na Niya si Jacob at si Esau naman ay Kanyang kinamuhian. Bago pa man mayroong ginawang mabuti o masama ang dalawa, itinalaga na ng Diyos na si Esau ay maglilingkod kay Jacob. Nauunawaan natin kung bakit ang bagay na ito ay hindi madaling lunukin ng tao. Sa Exodus 33:19, na tinukoy din ni Apostol Pablo sa kanyang argumento sa Romans 9:15-16, sinabi ng Diyos kay Moses na, *Kahahabagan Ko ang kahahabagan Ko at kaaawaan Ko ang kaaawan Ko*. Huwag nating kalimutan na hindi kailangan ng Diyos na panagutan sa tao ang Kanyang mga isipin at pamamaraan. Sapat nang tanggapin natin ang maliwanag na nakalathala sa Kasulatan at huwag nang tabasin pa ang salita ng Diyos upang magkasya sa sukat ng ating isipan. Ang sabi ng Diyos sa Isaiah 55:8-9 ay ito: *Ang Aking kaisipan ay hindi inyong kaisipan, kahit ang Aking pamamaraan ay hindi inyong pamamaraan. Tulad nang ang langit ay higit na matayog sa lupa, ang Aking pamamaraan ay higit na matayog kaysa inyong pamamaraan at ang Aking kaisipan ay mas matayog sa inyong kaisipan.*

Hindi man natin masakyan nang husto ang maliwanag na itinuturo ng Bibliya tungkol sa paghihirang ng Diyos na ito ay walang kinalalaman sa gawa ng tao, dapat natin itong tanggapin. Ang ginawang paghirang ng Diyos ay hindi nakacondisyon sa anumang ginawa, sinabi, o inisip ng tao - *past, present or future.*

Sa Jeremiah 1:5, ang sabi ng Diyos sa propeta ay ito: *Bago pa kita binigyang hugis sa sinapupunan kinilala na kita, bago ka pa ipinanganak hiniwalay na kita; in-appoint na kitang isang propeta para sa mga bansa.* Kinilala, he was foreknown, ito ang kasama sa salitang foreknew, referring to God's foreknowledge. Hiniwalay, kasama iyan sa sanctification, set apart. At binigyan siya ng gawain, tinawag na siya, may calling siya at that time kahit hindi pa siya nabubuo sa sinapupunan ng kanyang ina. But he existed in the mind of God. Sa Galatians 1:15 si Pablo naman ang nagpahayag na *ang Diyos ang*

*naghiwalay sa kanya bago pa man siya ipinanganak.* Sa John 10:14, sinabi ni Cristo na kilala Niya ang Kanyang mga tupa. Pag sinabi ng Lord na kinilala Niya tayo, ibig sabihin ay He foreknew us. Kilala na Niya tayo bago pa man magkaroon ng universe, bago pa man tayo ipinanganak. Sa 2 Timothy 2:19 nakasulat na, *Kilala ng Panginoon kung sino ang sa Kanya*. Ibig sabihin lahat ng members ng family of God, ng bayan ng Diyos ay kilala Niya. Sinabi pa sa Isaiah na He knows them by name. Kilala tayo ng Panginoon individually bago pa man Niya nilikha ang universe. Sa Romans 8:29 naman, sinasabi na mayroong mga kinilala ang Diyos bago pa man ang lahat. Sa kabaligtaran, nakatala sa Matthew 7:23 ang sinabi ni Cristo sa mga huwad na *exorcists* at *miracle workers* ang ganito: *Hindi Ko kayo kailanman nakilala. Lumayo kayo sa Akin mga manggagawa ng karimlan*. Ito ay mabigat dahil mayroon Siyang talagang kinilala at mayroon Siyang hindi kinikilala. Pag sinabi Niyang kilala iyon ang Kanyang mga hinirang. And that was done before the foundation of the world. Maraming scripture ang nagkakatugma-tugma at walang conflict ang mga ito at maselan Niyang isinasalansan ang mga katotohanan na ito.

Kapag tanggap na natin na ang ginawang paghihirang ng Diyos Ama ay *unconditional*, before the foundation of the world, before we had done anything good or bad katulad nina Jacob at Esau, matatanggap na rin natin na si Cristo ay namatay para lamang sa mga hinirang. Dahil sinasabi talaga ni Cristo na mayroon Siyang kilala. Kilala Niya ang Kanyang mga tupa. Exclusive ang bayan ng Diyos. Nagsimula nga ang salvation sa paghihirang, sa election at ang elect ang naging object ng attention ng God. Kung kayo ay tumanggap na sa Panginoong Jesus at nagtitiwala kayo sa Kanyang salita, sa Kanyang mga pangako, kabilang tayo doon sa Kanyang mga kinilala. Ang Kanyang dugo ay nabuhos para sa paghuhugas ng kasalanan natin, ng Kanyang mga hinirang. Kung natanggap natin ang *unconditional election,* matatanggap natin ang *limited atonement*. At kapag tanggap din natin na dahil sa pagkahulog sa kasalanan, ang natural na tao ay walang kakayahang lumapit sa Diyos nang kanyang sarili, matatanggap din natin na kinakailangang gumawa ang Diyos sa kanyang buhay upang makaya niyang marinig ang salita ni Cristo at manalig sa Kanyang pangako. Ito naman ang tinatawag ng mga calvinist na *total depravity or total inability.* Hindi kaya ng natural man

**Regeneration**

Dumako tayo sa regeneration. Ano ang kinailangang gawin ng Diyos para sa ating kaligtasan?

Sa 1 Corinthians 2:14 sinasabi na, *The natural person does not accept the things of the Spirit of God but they are folly to him and he is not able understand them because they are spiritually discerned*. Para sa natural na tao hindi niya tatanggapin ang mga bagay na galing sa Espiritu ng Diyos ito ay kalokohan para sa kanya dahil hindi niya mauunawaan iyon sapagkat ang spiritual things ay spiritually discerned. Napagwawari lang ang mga spiritual na bagay ng mga taong espiritual.

Sa Romans 3:10-12, It is written, *none is righteous, no not one, no one understands, no one seeks for God. All have turned aside, together they have become worthless. So no one does good, not even one.*

Ang sinabi ni Paul sa Corinthians ay katugma ng sinabi niya sa Romans. At sinabi naman ni John sa 6:65: Ang sabi ni Cristo, *Kaya sinabi Ko sa inyo na walang makalalapit sa Akin kundi siya binigyan ng kakayahan ng Ama.* Maliwanag! Ito ay reinforcing ang mga sinabi ni Paul sa kanyang mga sulat, na sinabi rin ni John at sinabi rin ni Cristo. Kaya ang mga scripture na ating pinag-aaralan patungkol sa ordo salutis, tungkol sa plan of salvation of God, maliwanag ang pagpapahayag na ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng iba't ibang mga propeta at iba't ibang mga apostol.

At sa John 6:44 eto naman ang sabi ng Lord: *Walang makalalapit sa Akin kung hindi siya hahatakin ng Diyos Ama na nagsugo sa Akin.* No one can come to Me unless the Father draws Him to Me. Di ba't sinabi ni Paul sa Romans 3, No one understand, no one seeks after God. Walang naghahanap sa Diyos. Busy talaga ang mga tao, wala silang panahon sa Diyos at wala silang desire. The natural man has no desire to look for anything spiritual, particularly anything that comes from the Holy Spirit of God, kinakailangan silang hatakin. Kung baga sa pangingisda, ang fishing rod meron kang fishing line tapos niri-reel in mo pag may huli na. Iyan ang larawan na magandang makita natin kapag dino-draw tayo ng Diyos Ama papunta kay Cristo. Sa deep sea fishing, ang mga malalaking tuna o sword fish, talagang lumalaban, magre-resist sila at hindi basta magpapahila o magpapadala sa iyo. Iyon ang larawan na sinasabi dito na the Father has to draw you to Christ, ang Kanyang mga tupang ligaw. Samakatuwid, kapag mayroon tayong nababasa sa Bible na nagsasalaysay ng paglapit ng isang tao kay Cristo na nagresulta ng kaliwanagan ng kanyang isipan, alalahanin natin na sa likuran ng pangyayaring ito ay ang paggalaw ng Diyos Ama sa buhay ng taong iyon. Bago tayo lumapit kay Cristo, nagpupumiglas din tayo noon, para tayong isda na niri-reel in ng fisherman.

Sa John 3, mababasa natin ang kasaysayan ng paglapit ni Nicodemus - na isang Pariseo, isang learned man - sa Panginoong Jesus kung kailan binanggit ni Jesus ang ganito: *Walang makakakita sa kaharian ng Diyos hanggang hindi pa siya ipinanganganak muli. Walang makapapasok sa kaharian ng Diyos hanggang hindi siya ipinanganganak sa tubig at sa Espiritu*. Itong si Nicodemus ay Pharisee, ibig sabihin magaling siya sa kautusan, para siyang lawyer. Pero hindi niya maintindihan si Christ. Unless you are born again you cannot see the kingdom of God. Ibig sabihin, para makita natin ang kaharian ng Diyos, mayroong kailangang mangyari. Ano ang kailangang mangyari? – You must be born again. Iyon ang regeneration. Ibig sabihin, regenaration precedes seeing the kingdom of God, meaning mayroon kang spiritual eyes – from the natural o physical eyes na hindi mo nakikita ang kaharian ng Diyos, ay nakita mo ang kaharian ng Diyos sapagkat mayroong nangyari sa iyo – you were born again. With your spiritual eyes mayroon kang spiritual ears, madidinig mo ngayon ang spiritual voice of Christ. Ang tinutukoy dito ni Cristo ay ang tinatawag na *regeneration* o ang pagiging *born again*, ang kapanganakang-muli. Ipinaliwanag Niya kay Nicodemus na *ang laman ay nanganganak lamang ng laman, subalit ang Espiritu ay nakapagbibigay buhay sa espiritu*. Alam natin na we were all born dead in spirit dahil nagkasala na tayo sa Garden of Eden. Ano ang kabayaran ng ating kasalanan? Kamatayan! Kaya nga nang ipanganak tayo, we were destined to death unless you are born again para makita mo ang kaharian ng Diyos.

Sa 1 Peter 1:23 ito naman ang sabi ni Apostol Pedro: *Kayo ay <u>ipinanganak-muli</u>, hindi sa pamamagitan ng punla na naglalaho, kundi ng hindi naglalaho, sa pamamagitan ng buhay at nananatiling salita ng Diyos.* Kaya alalahanin din natin na ang Espiritung Banal lamang ang nakapagtatanim ng punlang hindi naglalaho o hindi nabubulok. Maliwanag din iyon. Sino ang nakapagtatanim ng punla na hindi naglalaho? Ang Holy Spirit. This has to do with regeneration. Kayo ay ipinanganak-muli. Wala tayong kinalaman sa ating pagkapanganak-muli. May punla na itinanim sa atin na hindi naglalaho. It's the same idea that something happened to us kaya tayo nakasumpong ng kaharian ng Diyos.

Sa Titus 3:4-5 ito naman ang sabi ni Apostol Pablo: *Nang dumating ang kabutihan at pag-ibig ng Diyos na ating Tagapagligtas, niligtas Niya tayo, hindi dahil sa matutuwid na bagay na ating ginawa, kundi dahil sa Kanyang habag. Niligtas Niya tayo sa pamamagitan ng paghuhugas ng <u>kapanganakang-muli</u> at ng pagbabago mula sa Espiritung Banal . . .*

Sa Ephesians 2:4-5 ang sabi naman ni Pablo ay ito: *Dahil sa kalakihan ng Kanyang pag-ibig sa atin, kahit na tayo ay patay pa sa kasalanan, <u>binuhay tayo ng Diyos</u> na mayaman sa pagkahabag,* - ito ang lagi nating

maririnig natin, compassion ng Diyos, mercy ng Diyos, iyan ang motivation ng Diyos, iyan ang Kanyang nasasa puso nang Siya ay gumagalaw sa ating buhay - *kasama kay Cristo – sa pamamagitan ng biyaya kaya tayo ay naligtas.* Ang natural na tao na patay sa espiritu kailanman ay hindi lalapit kay Cristo. Siya ay kinakailangang ipanganak sa Espiritu upang magkaroon siya ng capacidad na makita ang kaharian ng Diyos at marinig ang tinig ng Hari ng kahariang ito.

Huwag na huwag nating kalilimutan ang mga talatang ating binasa. Furthermore, tayo ay naligtas hindi dahil sa ano pa mang gawa na nagmula sa ating bulok na pagkatao, - no one is righteous, no not one, no one does good (Romans 3:10-12) - kundi dahil sa pagtatalaga ng pag-ibig ng Diyos, kahabagan ng Diyos, biyaya ng Diyos at sa pamamagitan ng salita ng Diyos na ating tinanggap nang tayo ay hatakin ng Diyos Ama papunta sa Diyos Anak - na nagbuhos ng Kanyang dugo upang ang ating mga kasalanan ay mahugasan - at sa pamamagitan ng kapanganakang-muli na isinagawa ng Diyos Espiritung Banal.

Ang Godhead ay involved sa pagliligtas sa atin. Father, Son and Holy Spirit – lahat sila ay may bahagi sa pagliligtas sa atin.

**I. Multiple Choice**

1. Alin sa mga pangungusap ang tama?
    a. Ang paghirang ng Diyos ay conditional, ito ay nakadepende sa ating performance in the past, present and future
    b. Ang paghirang ng Diyos ay unconditional, wala pa tayong ginagawang mabuti o masama ay pinili na Niya tayo
    c. Ang paghirang ng Diyos ay nakabase sa nakita Niya kung sino ang tatanggap sa kanya.

2. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Ang kaligtasan ng tao ay nagsisimula sa paghirang sa kanya ng Diyos at nagtatapos sa kanyang sanctification.
    b. Ang kaligtasan ng tao ay nagsisimula sa oras na si Cristo ay tanggapin niya bilang Panginoon at tagapagligtas.
    c. Ang kaligtasan ng tao ay nagsisimula sa paghirang sa kanya ng Diyos at nagtatapos sa kanyang glorification.

3. Sinasabi sa Isaiah 55:8-9 na
    a. Ang kaisipan at pamamaraan ng Diyos ay maaari nating maunawaan sa gabay ng Banal na Espiritu.
    b. Ang kaisipan at pamamaraan ng Diyos ay hindi katulad ng sa atin at ang Kanyang pamamaraan at kaisipan ay matayog kaysa sa ating kaisipan at pamamaraan.
    c. Makakaya nating abutin ang kaisipan at pamamaraan ng Diyos

4. Mayroong mga hindi kinikilala si Jesus ayon sa Matthew 7:23.
    a. Sila ay ang mga hindi tumanggap kay Cristo bilang Panginoon at tagapagligtas
    b. Sila ay ang mga huwad na exorcists at miracle workers
    c. Sila ay ang mga hindi sumusunod sa utos ng Diyos.

5. Sinabi sa 1 Corinthians 2:14 na
    a. Kayang maunawaan ng tao ang mga bagay na spiritual
    b. Hindi matatanggap ng natural man ang mga bagay patungkol sa Espiritu ng Diyos
    c. Madaling matanggap ng natural na tao ang patungkol sa Diyos

6. Sinabi ni Jesus sa John 6:65 na
   a. Ang lahat ng tao ay may kakakayahang makalapit sa Kanya
   b. Walang makakalapit sa Kanya maliban na bigyan siya ng kakayahan ng Ama.
   c. Ang tao ay mapipilitan na lumapit sa Kanya.

7. Ang mga sumusunod ay patungkol sa regeneration maliban sa
   a. Born again
   b. Kapanganakang-muli
   c. Napawalang-sala

8. _____________ precedes seeing the kingdom of God.
   a. Predestination
   b. Sanctification
   c. Regeneration

9. Sinabi sa Titus 3:4-5 na niligtas tayo ng Diyos
   a. Dahil tayo ay matuwid at ang Diyos ay naawa sa atin
   b. Dahil sa Kanyang habag at paghuhugas ng kapanganakang-muli at pagbabago mula sa Espiritung Banal
   c. Dahil mahal natin Siya kaya tayo ay ipinanganak na muli at binago ng Banal na Espiritu

10. Ano ang makikita nating motibo ng Diyos sa Kanyang ginawang pagbuhay sa ating espiritu?
    a. Compassion
    b. Mercy
    c. Love

11. Ang natural na tao na patay sa espiritu ay
    a. Kinakailangang ipanganak sa Espiritu upang makalapit kay Cristo
    b. Makakayang lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng panalangin
    c. Makakalapit sa Diyos sa sariling sikap

12. Ang involved sa kaligtasan ng mga mananampalataya ay
    a. Ang Diyos Ama sapagkat Siya ay pumili bago pa matatag ang sangsinukob
    b. Ang Diyos Anak sapagkat Siya lamang ang nagdusa sa krus ng Kalbaryo
    c. Ang Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu

## II. Essay

Sa pananaw ng katotohanan na ikaw ay pinili ng Diyos

a) Ano dapat ang iyong mga hangarin o layunin sa buhay?

***Note:***

*1. Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© Revised May 20, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.